STOP £OAN SHARKS
Scottish Illegal Money Lending Unit
Pahintuin ang Mga Usurero
Yunit ng Ilegal na Pagpapautang
ng Pera ng Scotland

Mga Usurero – Mga FAQ

Ano ang Usurero?

Ang 'usurero' ay kilalang termino para sa ilegal na nagpapautang ng pera - isang tao na nagpapautang ng pera nang hindi awtorisadong gawin ito ayon sa Financial Conduct Authority (FCA). Sa Ingles, ang mga hindi lisensiyadong nagpapautang ng pera ay tinatawag na "Mga Pating" dahil isinasagawa nila ang mga parehong kalupitan ng mga nakamamatay na taga-dagat.

Bakit masama ang mga Usurero?

Tina-target ng mga Usurero ang mga pinakamahinang tao sa lipunan at nagdudulot sa kanila ng matinding paghihirap. Nagpapautang sila ng pera sa mga tao na nasa krisis o ramdam na wala na silang mapuputnahan para sa pinansiyal na suporta.

Bakit gumagamit ang mga tao ng mga Usurero?

Sa mga taong desperado at hindi na alam kung kanino makakapunta para sa tulong, ang mga Usurero at maaaring tilang napakabait at mapagbigay sa simula. Maraming taong gumagamit ng mga Usurero ay natanggihan na ng mga utang o kredito sa ibang lugar at maaaring nasa punto ng krisis sa buhay nila dahil sa mga pinansiyal na kahirapan.



Kailan nagsisimula ang mga problema?

Hindi naglalaan ng papeles ang mga Usurero. Nangangahulugan ito na madalas mahirap masubaybayan ng mga tao kung magkano ang nautang nila at magkano ang kailanga pa nilang bayaran. Ang mga pagbabayad ay maaaring tilang walang katapusan at maraming tao ang sa kalaunang nagbabayad ng mas malaki sa orihinal nilang nautang, nang hindi sigurado kung ano na ang nabayad nila.

Maaari bang maging mapanganib ang mga Usurero?

Maraming mga Usurero ang gumagamit ng mapagbantang asal para masiguro na mabayaran ng mga tao ang perang inutang nila. Dahil karaniwan silang nakabase sa komunidad, alam nila kung saan nakatira ang mga tao at ang kanilang mga pamilya.

Paano ko matutukoy ang Usurero?

Kung makasasagot ka ng oo sa isa o higit pa sa mga sumusunod na tanong, posible na kaugnay mo ang isang ilegal na nagpapautang ng pera:

- **Inalok ka ba nila ng cash na utang?**
- **Hindi ka ba nila binigyan ng anumang papeles?**
- **Nagdagdag ba sila ng mga napakalaking halaga ng interes o APR sa utang mo?**
- **Binago ba nila ang mga tuntunin ng utang nang walang babala?**
- **Binantaan ka ba nila?**
- **Kinuha ba nila ang iyong card sa bangko/post office, pasaporte, relo o anumang ibang mahalagang bagay?**

Ano ang magagawa ko kung humiram ako ng pera mula sa Usurero?

- Tumawag sa aming libreng 24-oras na linya ng tulong nang **may ganap na kumpiyansa** sa **0800 074 0878**
- I-text ang "loan shark" at ang mga detalye sa **07741 701 325**
- Email **stopillegallending@cosla.gov.uk**
- Mag-click **dito** para gamitin ang aming ligtas na form para sa online na pag-ulat.

Ano ang mangyayari kapag kinontak ko ang SIMLU (Yunit ng Ilegal na Pagpapautang ng Pera ng Scotland)?

Kung payag ka, kakausapin ka ng mga imbestigador namin tungkol sa perang inutang mo at kukuha ng higit pang mga detalye tungkol sa usurero. Hindi kami call center, kaya lagi mong makakausap ang mga parehong tao. Sineseryoso namin ang bawat tawag at nasa **ganap na kumpiyansa**.

Mahahandugan ka namin ng **agarang suporta** sa mga agatang usapin, **pangmatagalang suporta** para makalayo sa paggamit ng mga usurero at **tulong para makakuha ng mga lokal na serbisyo, kabilang ang** kabilang ang payo sa utang, mga credit union, pagpapayo sa pagkalulong at mga pangsuportang grupo.

Ligtas bang iulat ang isang Usurero?

Hindi ka mapapahamak kung umutang ka ng pera mula sa ilegal na nagpautang - sila ang mga gumagawa ng krimen. Kapag kinontak mo kami, maaari kang manatiling **hindi kilala** at hindi kailangang magbigay ng anumang mga detalye na hindi ka kumportableng talakayin. Pananatiliin ka naming **ligtas** habang iniimbestigahan namin ang usurero.

Desperado akong nangangailangan ng pera. Saan ako mabilis makakahanap ng tulong?

Nakikipagtulungan kami sa mga organisasyon sa buong Scotland na makakatulong sa iyong lumayo sa paggamit ng mga usurero. Makakapaghandog ang mga sumusunod na ahensiya ng suporta kung iniisip mong gumamit ng usurero o may mga isyu ka sa utang:

- **StepChange Debt Charity**
- **Citizens Advice Scotland**
- **Money Advice Service**
- **Money Advice Scotland**